Retirado - Wala ng Epekto

# Protokol para sa mga Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka (Certified Farmer's Markets)

**Kamakailang mga Pagbabago:** (Mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw)

**4/22/21**: Ang mga Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka (Certified Farmer's Markets) ay maaaring dagdagan ang kanilang mga operasyon sa 75% ng kanilang pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy). Ang mga inaatas sa paglilinis ay nabago na upang ipakita ang binagong patnubay sa paglilinis ng Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit. Ang wika tungkol sa mga benepisyo ng bakasyon dahil sa sakit ay nabago na.

Ang mga rate ng kaso, mga pagpapaospital, at mga kamatayan ng COVID-19 ay bumaba na at tila matatag na, ngunit ang pagkalat sa komunidad ng COVID-19 ay nananatiling katamtaman. Ang COVID-19 ay patuloy na nagbabadya ng mataas na panganib sa mga komunidad at inaatasan ang lahat ng mga tao at mga negosyo na gumawa ng mga pag-iingat at baguhin ang mga operasyon at aktibidad para bawasan ang panganib ng pagkalat.

Dahil sa ang Los Angeles County ay pumapasok sa "Kahel na Tier" (Orange Tier) ng Plano ng Estado para sa isang balangkas ng Mas Ligtas na Ekonomiya (State's Blueprint for a Safer Economy framework), ang protokol na ito ay nabago para iangat ang ilang mga paghihigpit na partikular sa lokal na aktibidad. Ang mga Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka (Certified Farmer's Markets) ay dapat na magpatuloy ng may pag-iingat at sumunod sa mga inaatas sa protokol na ito para bawasan ang potensyal na pagkalat ng COVID-19 sa loob ng kanilang mga operasyon ng negosyo.

Ang protokol na ito ay binuo upang pahintulutan ang mga Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka na pinatunayan ng Estado ng California, at gumagana alinsunod sa mga kinakailangan ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura ng California (California Department of Food and Agriculture) at mga kinakailangan na binalangkas sa Code ng Tingiang Pagkain ng California (Certified Retail Food Code o CRFC), na namamahala kapag nakakasunod sa mga protokol na ito ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Public Health o DPH).

Ang mga Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka ay maaaring magpahintulot sa pansamantalang mga pasilidad ng pagkain (food booths) na gumagana bilang isang hiwalay na kaganapan pangkomunidad na katabi sa, at kasabay, ng Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka alinsunod sa mga kinakailangan na binalangkas sa Code ng Tingiang Pagkain ng California.

Ang Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka ("Pamilihan (Market)") at ang katabing kaganapang pangkomunidad ay dapat na pangasiwaan ng awtorisadong Tagapamahala ng Pamilihan (Market Manager) na siyang namamahala sa lugar, na siyang umaako ng responsibilidad para sa patuloy na pagsasanay at pagsusuri (screening) ng lahat ng empleyado, probisyon sa lahat ng kailangang kagamitan at materyales ng mga karaniwang lugar sa loob ng pamilihan, pagsusubaybay sa pagsunod sa lahat ng mga hakbang pangkaligtasan at pagkuha ng pag-apruba mula sa pampublikong kalusugan, lokal na pagsosona (local zoning) at mga opisyal ng lungsod, tulad ng inaatas. Bisitahin ang http://publichealth.lacounty.gov/eh/DSE/CommunityEvent.htm upang mag-apply para sa isang pahintulot ng pampublikong kalusugan na magpagana ng isang pasilidad ng pagkain sa isang aprubado at pinahihintulutang Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka.

Ang mga Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka ay maaaring mag-host ng mga panlabas na live na kaganapan na sumusunod sa Protokol para sa mga Malalaking Lugar ng Pagdarausan/mga Panlabas na Live na Kaganapan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.

Ang mga Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka ay maaaring pahintulutan ang panlabas ka kainan sa mismong lugar (on-site) na sumusunod sa Protokol para sa mga Restawran ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.

Ang mga Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka na may mga tingiang operasyon ay dapat na sumunod sa Protokol para sa mga Tingiang Establisyemento ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.

Mangyaring tandaan: Maaaring baguhin ang dokumentong ito habang may karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan (resources) kung kaya't regular na tingnan ang website ng LA County http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/ para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang listahan na ito ay sinasaklaw ang:

(1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho para protektahan ang kalusugan ng empleyado
(2) Mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya
(3) Mga hakbang para masiguro ang pagkontrol ng impeksyon
(4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
(5) Mga hakbang para masiguro ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo.

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo mo ang mga plano para mag-host ng isang Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka.

**Ang lahat ng mga Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka na sakop ng patnubay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo. Ang mga Tagapamahala ng Pamilihan ay dapat na magbahagi ng isang kopya ng protokol na ito sa lahat ng mga tagapagtinda para matiyak ang pagsunod sa lahat ng mga protokol.**

Retirado - Wala ng Epekto

**Seripikadong Pamilihan ng Magsasaka:** ______________________________

**Address:** ______________________________

**Pinakamaraming pag-okupa, kada Code ng Apoy (Fire Code):** ______________________________

**Pinakamaraming Pag-okupa, batay sa 75% pag-okupa:** ______________________________

**Tinatayang kabuuan sa talampakang kuwadrado ng espasyo na bukas sa publiko:** ______________________________

## A. MGA PATAKARAN AT KASANAYAN SA LUGAR NG TRABAHO UPANG MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (I-CHECK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- ❑ Ang lahat ng empleyado (kabilang ang mga empleyado o boluntaryo na nagtatrabaho sa ngalan ng Tagapamahala ng Pamilihan at mga nagtatrabaho para sa mga tagapagtinda sa puwesto [booth vendors]) ay binigyan ng kopya ng protokol na ito.

- ❑ Ang mga mahihinang empleyado (mga taong higit sa 65 ang edad, mga taong may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay bibigyan ng trabaho na maaaring gawin mula sa bahay o limitahin ang kanilang pakikisalamuha sa ibang mga tao sa Pamilihan.
- ❑ Ang lahat ng mga empleyado (kabilang ang mga boluntaryo at tagapagtinda, sama-samang tinatawag na "mga empleyado") ay sinabihan na huwag pumasok sa Pamilihan kung may sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusuganpara sa sariling pagbubukod at pag-quarantine, kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri at binago na para masiguro na ang mga empleyado ay hindi paparusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.
- ❑ Ang mga pagsusuri sa pagpasok (entry screenings) sa lahat ng mga tagapagtinda at empleyado ay isinagawa bilang pagtupad sa Patnubay sa Pagsusuri sa Pasukan ng County bago makapasok sa Pamilihan. Ang mga pagsusuri ay dapat isama ang pagtanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw at kung ang empleyado ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado o tagapagtinda. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
    - o Negatibong Pagsuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
    - o Positibong Pagsuri (Hindi Na-clear):
        - ▪ Kung ang tao ay hindi ganap na nabakunahan[1] laban sa COVID-19 at nagkaroon ng isang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para mag-quarantine sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
        - ▪ Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.
- ❑ Ang mga empleyado ay binigyan ng impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon (leave) na itinataguyod ng amo (employer) o ng gobyerno na maaaring matanggap ng empleyado para gawing pinansyal na mas madali ang pananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng 2021 COVID-19 Supplemental Paid Sick Leave Law.
- ❑ Sa oras na nagbigay-alam na ang isa o higit pang mga tagapagtinda o empleyado ay nasuring positibo para sa, o may mga sintomas na patuloy na tumutugma sa COVID-19 (kaso), ang Tagapamahala ng Pamilihan ay may plano o protokol na isasaayos upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangangailangan ng agarang pag-quarantine sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng pagtatrabaho. Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na naka-quarantine na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 upang matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Dapat na kasama rin sa plano kung paano matutunton ang iba pang mga tagapagtinda kung mayroong isang pagkakalantad. Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan sa pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho.

Retirado - Wala ng Epekto

[1] Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

- ❑ Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ang natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821 o online sa http://www.redcap.link/covidreport. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal, at mga hakbang sa pagkontrol sa partikular na lugar. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.
- ❑ Ang lahat ng mga tagapagtinda at empleyado na may kontak/pakikisalamuha sa ibang mga tao ay inaalukan nang walang gastos, ng isang naaangkop na maskara sa mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang webpage ng Maskara sa COVID-19 ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LAC sa http://publichealth.lacounty.gov/acd/ncorona2019/masks**.** Ang maskara sa mukha ay dapat na isuot ng tagapagtinda at lahat ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makikisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga tagapagtinda at empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't pinahihintulutan ito ng kanilang kondisyon. Isang tela na akma (form-fitting) sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang paraan ng balbula (one-way valve) ay hindi dapat gamitin.
- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan sa wastong paggamit ng mga maskara sa mukha, kabilang ang pangangailangan na labahan o palitan araw-araw ang kanilang mga maskara sa mukha.
- ❑ Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot ng tuloy-tuloy at tama, pinagbabawalan ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin ng ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kung maaari kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (break rooms) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa.
- ❑ Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa kainan at/o panandaliang pagpapahinga (pag-break). Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
  - Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago na may pagpapagana sa hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa pag-break;
  - Halinhinan sa pag-breaks o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa kainan at pag-break; at
  - Paglalagay ng mga mesa na hindi bababa sa walong talampakan ang layo at pagtitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggal o pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partisyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
- ❑ Saanman maaari, ang panlabas na mga lugar sa pag-break na may mga lilim at upuan ay nilikha para tumulong tiyakin ang pisikal na pagdistansya. Bilang pagsunod sa mga regulasyon ng pasuweldo at oras, ang mga panandaliang pamamahinga ay salitan upang masigurado ang anim (6) na talampakan na paglalayo ng mga empleyado sa silid ng pagpapahinga ay napapanatili sa lahat ng oras.
- ❑ Ang lahat ng mga puwesto ng tagapagtinda at estasyon ng trabaho na nasa loob ng mga puwesto ng talagagtinda ay pinaghiwalay ng hindi bababa sa anim na talampakan. Ang mga silid sa panandaliang pamamahinga (break rooms), mga banyo, at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay

Retirado - Wala ng Epekto

dinidisimpekta sa dalas na binanggit sa ibaba, ngunit hindi bababa sa isang beses kada araw, sa sumusunod na iskedyul:

- Mga Silid sa Panandaliang Pamamahinga ________________________________
- Mga Banyo ________________________________
- Iba pa ________________________________

- ❑ Ang mga pandisimpekta at iba pang kaugnay na gamit ay magagamit ng mga tagapagtinda at empleyado sa mga sumusunod na (mga) lokasyon: ________________________________
- ❑ Ang mga hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga tagapagtinda at empleyado sa mga sumusunod na (mga) lokasyon: ________________________________
- ❑ Ang mga empleyado ay pinapayagan na magkaroon ng madalas na pagtigil sa trabaho para makapaghugas ng kanilang mga kamay.
- ❑ Ang bawat manggagawa ay tinalagahan ng kanilang sariling mga kasangkapan, kagamitan at tinukoy na puwesto ng trabaho. Kailanman maaari, ang pagsasalo ng mga gamit na hinahawakan (hal., mga telepono, tablet, laptop, mesa, panulat, atbp.) ay nabawasan o inalis na.
- ❑ Ang lahat ng patakaran na nakasaad sa listahan na ito maliban sa may kaugnayan sa pagtatakda sa pagtatrabaho ay ipinatutupad sa mga empleyado na naghahatid (delivery) at iba pang kompanya na maaaring nasa lugar bilang mga ikatlong partido (third parties).
- ❑ Opsyonal — Isalarawan ang iba pang hakbang: ________________________________

## B. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

- ❑ Ang Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka ay ginaganap sa labas. Ang pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) para sa Pamilihan ay limitado ng sa gayon ay mapahintulutan ang lahat ng mga empleyado, tagapagtinda, at mga kostumer na magpanatili ng pisikal na pagdistansya na 6 na talampakan mula sa mga hindi miyembro ng parehong sambahayan. Ang mga Sertipikadong Pamilihan ng Magsasaka ay hinihikayat na ipagpatuloy na limitahan ang kanilang pag-okupa sa 75% ng kapasidad ng panlabas na Pamilihan.
  - Ang pinakamaraming bilang ng mga kostumer sa loob ng Pamilihan ay limitado sa: ______________
- ❑ Dapat na tiyakin ng Tagapamahala ng Pamilihan na ang espasyong nakalaan sa mga tagapagtinda (pareho ang mga tagapagtinda ng pagkain at tingi [retail]) ay nakapaglalaan sa kanila ng sapat na espasyo upang iayos ang mga mesa, kulando (canopies), at iba pang mga gamit alinsunod sa mga naaangkop na kinakailangan ng pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang mga tolda (tents) o kulando ay maaaring gamitin basta't ang mga tolda o kulando ay natutugunan ang iniuutos na gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health) sa [Paggamit ng mga Pansamantalang Istraktura para sa mga Panlabas na Operasyon ng Negosyo](). Ang eksepsyon ay para sa mga puwesto ng pagkain, batay sa mga kinakailangan na binalangkas ng Code ng Tingiang Pagkain ng California.
- ❑ Isang empleyado (o mga empleyado kung may higit sa isang pasukan) na may suot-suot na naaangkop na maskara sa mukha ay nakapaskil malapit sa pasukan ngunit hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa mga pinakamalapit na kostumer para iderekta ang mga kostumer at subaybayan ang pag-okupa ng Pamilihan.
- ❑ Isaalang-alang ang pagpapatupad ng orasang pagpasok (timed entry) o sistema ng reserbasyon (reservation system) para mabawasan ang panganib sa pag-abot ng pinakamaraming bilang. Kung ang

Retirado - Wala ng Epekto

Pamilihan ay umabot na sa pinakamaraming bilang, ang mga kostumer ay maaaring payagan na pumila tulad ng inaaprubahan ng mga lokal na code, kung pahihintulutan ng espasyo, ngunit dapat na mapatnubayan upang makapagpanatili ng 6 na talampakang distansya sa pagitan ng isa't isa habang nasa pila.

- ❑ Ang teyp (tape) o iba pang mga marka ay tinutukoy ang parehong lugar ng pagsisimula para sa mga kostumer na dumarating sa Pamilihan at 6 na talampakang agwat para sa mga susunod na kostumer na papasok sa pila.
- ❑ Ipinatupad ang mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa anim (6) na talampakan sa pagitan ng mga tagapagtinda at kostumer.
  - Ang mga pasilyo sa pagitan ng mga hilera ng puwesto (booths) ay sapat ang lapad para mapagkasya ang trapiko sa parehong direksyon, o malinaw na itinalaga bilang isang daanan (one-way) lamang.
  - Ang mga puwesto ay sapat ang laki para pagkasyahin ang higit sa isang kostumer sa puwesto at nakapagpapanatili pa rin ng 6 na talampakang pisikal na pagdistansya mula sa isa't isa.
  - Ang mga tagapagtinda ay napatnubayan sa pag-aayos ng kanilang mga puwesto para ang kanilang mga empleyado ay makapagpanatili ng 6 na talampakang pisikal na pagdistansya mula sa mga kostumer. Sa mga lugar kung saan ang 6 na talampakang distansya ay hindi posible (hal., sa kahera), ang mga hindi tinatagusang harang tulad ng plexiglass ay nakakabit. Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan para sa mga harang. Maaaring kabilangan ito ng paggamit ng mga pisikal na partisyon o mga nakikitang tanda (hal., mga marka sa sahig, teyp na may kulay, o mga palatandaan para ipahiwatig kung saan dapat tumayo ang mga manggagawa at kostumer).
- ❑ Ikonsidera na gawing halinhinan ang pagdating ng mga tagapagtinda para sa pag-aayos bago ang kaganapan para mapagana ang pisikal na pagdistansya habang dumarating ang mga tagapagtinda at makapag-ayos ng kanilang mga pwesto.
- ❑ Hangga't maaari hinihikayat ang mga tagapagtinda na manatili sa kanilang mga puwesto sa oras ng Pamilihan at para maiwasan ang pagtitipon-tipon kasama ang ibang mga tao.
- ❑ Ang pagkonsumo ng pagkain sa mismong lugar ay pinapayagan lamang sa itinalagang panlabas na lugar ng kainan na pisikal na nakahiwalay mula sa lahat ng iba pang mga operasyon. Ang mga dumadalo ay dapat na mapaalalahanan na ang pagkain at pag-inom ay pinahihintulutan lamang sa itinalagang lugar ng kainan ng Pamilihan. Ang pagkain/pag-inom saanman sa nasasakupang lugar ng pamilihan ay ipinagbabawal.
  - Para matiyak ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa anim (6) na talampakan sa pagitan ng mga kostumer na nakaupo sa magkakaibang mesa, ang mga mesa ay dapat na inagwatan ng hindi bababa sa 6 (anim) na talampakan ang layo kapag sinukat mula sa likuran ng upuan sa isang mesa hanggang sa likuran ng upuan sa katabing mesa.
  - Ang mesa ay dapat na limitahan sa hindi hihigit sa 6 na tao sa parehong partido.
  - Ang mga pansamantalang istraktura na ginagamit para sa panlabas na kainan ay dapat na sumunod sa kriterya ng Estado para sa isang panlabas na pagkakaayos, tulad ng tinukoy sa inuutos na patnubay sa Paggamit ng mga Pansamantalang Istraktura para sa mga Panlabas na Operasyon ng Negosyo ng Kagawaran ng Kalusugan ng California.
- ❑ Ang mga pampublikong lugar ng pag-upo (hal., mga upuan, mga bangko at iba pang pampublikong espasyo) ay nirekumpigura para suportahan ang pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang mga operasyon ng live na paglilibang (live entertainment) ay pinahihintulutan lamang sa labas (outdoors). Dapat ay may nakikitang paghihiwalay para lumikha ng hindi bababa sa 12 talampakang distansya sa pagitan ng mga grupo ng nakaupong kostumer at ng entablado o ng gumaganap (performer). Ang mga gumaganap (performers) ay dapat na gumamit ng mga mikropono para sa pagganap sa hanggang magagawa nang sa gayon ang mga gumaganap ay maaaring limitahan ang paglabas ng boses, na nagsasanhi ng higit pang maliliit na butil, mga aerosol, at maliliit na patak ng laway na mailabas at maglakbay nang mas malayo pa.

Retirado - Wala ng Epekto

- Ang pagsasayaw ng kostumer ay ipinagbabawal. Ang mga grupo ng kostumer ay dapat na manatiling nakaupo hangga't praktikal sa panahon ng anumang pagtatanghal.
- Ang mga kostumer na nanonood ng live na paglilibang ay dapat na pisikal na nakadistansya mula sa ibang tao nang hindi bababa sa 6 na talampakan at dapat na nakamaskara. Walang kainan at inuman habang pinanonood ang panlabas na live na paglilibang maliban kung nakaupo sa isang itinalagang panlabas na lugar ng kainan.

## C. MGA HAKBANG PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- ❑ Mga istasyon ay magagamit sa buong Pamilihan para matulungan ang mga kostumer na maakses ang wastong mga produkto sa kalinisan, kabilang ang hand sanitizer na may nilalaman na hindi bababa sa 60% alkohol, mga tisyu at basurahan.
- ❑ Isang plano sa paglilinis at pagdidisimpekta para sa mga madalas na hawakang ibabaw at mga lugar na pinupuntahan ay nagawa na at sinusunod:
  - Mga lugar na karaniwang may tao at mga madalas na hawakang bagay kaugnay sa pag-pickup at pagbabayad ng kostumer (hal., mga mesa, mga credit card reader) ay dinidisimpekta nang hindi bababa sa isang beses kada araw sa mga oras ng negosyo gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA.
  - Nadagdagang paglilinis at pagdidisimpekta para sa mga ibabaw na nasa mga lugar na maraming tao o para sa mga ibabaw na nalalantad sa mga indibidwal na walang maskara.
- ❑ Ang mga kostumer ay inaatasan na dapat sila ay magsuot ng mga maskara sa mukha sa lahat ng oras habang nasa Pamilihan. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matanda at sa mga bata na higit sa 2 taon ang edad at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang daanan ng balbula ay hindi dapat gamitin. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang maskara sa mukha ay dapat na may magagamit ang mga bisita na dumarating na wala nito.
  - Ang mga kostumer ay maaaring magtanggal lamang ng maskara sa mukha kapag kumakain/umiinom sa itinalagang panlabas na lugar ng kainan.
  - Ang mga kostumer ay dapat na nakaupo para komunsumo ng anumang pagkain o inumin. Hindi maaaring magpalakad-lakad ang mga kostumer o tumayo habang kumakain o umiinom.
  - Ang mga kostumer na tumangging magsuot ng maskara sa mukha ay maaaring tanggihan ng serbisyo at pauwiin.
- ❑ Ang mga pagsusuri sa sintomas ay isinasagawa bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa Pamilihan, na sumusunod sa Gabay sa Pagsusuri sa Pasukan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga, lagnat o panggiginaw at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check-in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga sintomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.

Retirado - Walang Epekto

- Negatibong Pagsuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok sa establisiemento para sa araw na iyon.
- Positibong Pagsuri (Hindi Na-clear):
  - Kung ang tao ay nagkaroon ng isang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok at dapat na pauwiin agad para mag-quarantine sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa [ph.lacounty.gov/covidquarantine](ph.lacounty.gov/covidquarantine).
  - Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa [ph.lacounty.gov/covidisolation](ph.lacounty.gov/covidisolation).

- ❑ Ang mga kostumer na dumarating sa Pamilihan na may mga batang kasama ay dapat na siguruhin na ang kanilang mga anak ay nasa tabi ng magulang, umiiwas sa paghawak sa anumang tao o anumang bagay na hindi nila pag-aari, at nakamaskara ang mukha kung tama na ang edad.
- ❑ Ang mga sistema ng pagbayad na walang kontak ay naisaayos na, at kung hindi magagawa, ang mga sistema ng pagabayad ay regular na sina-sanitize.
- ❑ Ang mga panlabas na banyo at mga istasyon sa paghuhugas ng kamay ay ipinagkalooban ng mga sabong pang-kamay, mga tuwalyang papel at mga hindi hinahawakang basurahan. Regular na tinitingnan ang mga panlabas na pampublikong banyo at nililinis at dinidisimpekta ng hindi bababa sa isang beses kada araw o madalas hangga't matutukoy na kailangan gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA.
- ❑ Ang mga pampublikong inuman na bukal ng tubig (water fountains) ay nakapatay at may mga karatula na nagbibigay-alam sa mga kostumer na hindi sila magagamit.
- ❑ Ang mga kostumer ay mayroong madaliang akses sa wastong mga produkto sa kalinisan, kabilang ang hand sanitizer, mga tisyu at basurahan sa mga karaniwang lugar sa buong Pamilihan. Ang mga puwesto ng tagapagtinda ay nagkakaloob ng istasyon ng hand sanitizer sa kanilang puwesto kung pinahihintulutan nilang hawakan ng mga kostumer ang kanilang mga produkto.
- ❑ Ang mga lugar na palaruan ng mga bata, mga lugar ng aktibidad o iba pang mga kagamitan (hal., mga pambakasyong larawan) ay hindi pinahihintulutan.
- ❑ Opsyonal-Ilarawan ang iba pang mga hakbang (hal. nagkakaloob ng mga oras na para sa mga nakakatanda o senior lamang, naghihikayat ng online na pag-order/pag-pick-up ng mga order, pagbibigay insentibo sa mga panahong matumal ang benta [non-peak sales]):

____________________________________________________________

## MGA PAGSASAALANG-ALANG SA KALIGTASAN NG SERBISYO NG PAGKAIN

- ❑ Ang lahat ng mga kasanayan at kinakailangan sa kaligtasan ng pagkain na binalangkas ng Code ng Tingiang Pagkain ng California ay sinusunod at napapanatili.
- ❑ Ang mga panlabas na lugar ng kainan ay maaaring bukas bilang pagsunod sa [Protokol para sa mga Restawran ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan](). Ang mga tagapagtinda ng pagkain ay maaari lamang magtinda ng alkohol kapag binili sa parehong transaksyon na tulad ng sa pagkain.
- ❑ Linisin at i-sanitize ang mga kubyertos at kagamitan sa kinakailangang dalas na binalangkas ng Code ng Tingiang Pagkain ng California.
- ❑ Sumunod sa mga kasanayan sa kalusugan at kalinisan ng empleyado: Huwag magtrabaho kapag may sakit; maghugas ng mga kamay ng madalas; gumamit ng mga guwantes tulad ng inaatas ng Code ng Tingiang Pagkain ng California.
- ❑ Tiyakin na ang lahat ng pagkain at mga sangkap ng pagkain ay mula sa isang aprubadong

Retirado - Wala ng Epekto

mapagkukunan ng pagkain.

- ❑ Ang mga empleyado sa paghahanda ng pagkain ay hindi hinihikayat na magpalit ng mga istasyon ng trabaho o pumasok sa mga istasyon ng trabaho ng ibang tao sa oras ng mga paglilipat (shift).
- ❑ Walang mga hindi nakapaketeng pagtikim (sampling) ng pagkain ang pinahihintulutan.

## D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito o ang nailimbag na Sertipiko ng Pagsunod sa Kaligtasan sa COVID-19 (COVID-19 Safety Compliance Certificate) ng LA County na nasa Pamilihan ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad. Para sa higit pang impormasyon o para kumpletuhin ang programa sa pagpapatunay ng sarili (self-certification) para sa pagsunod sa kaligtasan sa COVID-19, bisitahin ang http://publichealth.lacounty.gov/eh/covid19cert.htm. Ang mga pasilidad ay dapat na magtabi ng isang kopya ng mga Protokol sa mismong lugar sa pasilidad para sa pagsisiyasat, sa oras na hilingin.
- ❑ Isang karatula ay nakapaskil sa pasukan ng Pamilihan at sa bawat puwesto na pinaaalalahanan ang mga kostumer na magpanatili ng pisikal na pagdistansya na 6 na talampakan, sa pangangailangan na magsuot ng maskara sa mukha sa lahat ng oras, sa kahalagahan ng regular na paghuhugas ng kamay, at sa pangangailangan na manatili sa bahay kung may pakiramdam sila ng pagkakasakit o may mga sintomas ng COVID-19. Tingnan ang webpage sa Patnubay sa COVID-19 ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County para sa mga karagdagang mapagkukunan at mga halimbawa ng karatula na maaaring gamitin ng mga negosyo.
- ❑ Mga karatula ay nakapaskil na nagpapaalala sa mga indibidwal na sila ay hindi pinahihintulutan na kumain o uminom habang nasa Pamilihan maliban sa isang itinalagang panlabas na lugar ng kainan.
- ❑ Mga karatula sa buong Pamilihan ay nagpapahiwatig sa mga kostumer kung saan makikita ang pinakamalapit na hand sanitizer dispenser.
- ❑ Ang mga online na anunsyo (advertisements) para sa Pamilihan (website, sosyal [social] media, atbp.) ay nagkakaloob ng maliwanag na impormasyon tungkol sa mga oras ng pamilihan, ang kailangang paggamit ng mga maskara sa mukha, ang limitadong pag-ookupa, mga patakaran tungkol sa pagpasok, pag-preordering, paunang bayad, pag-pickup at/o paghahatid, at iba pang may kaugnayang mga isyu.

## E. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- ❑ Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kostumer/kliyente ay binigyang prayoridad.
- ❑ Ang mga transaksyon o serbisyo na maaaring ialok ng remotely ay inilipat sa on-line.
- ❑ Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa mga paninda at serbisyo para sa mga kostumer na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.

**Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kabilang sa itaas ay dapat na ilista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.**

**Maaari kayong makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:**

**Pangalan ng Kontak ng Negosyo:** ________________________________

**Numero ng telepono:** ________________________________

**Petsa na Huling Nirebisa:** ________________________________

Retirado - Wala ng Epekto